Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulakan
Lungsod ng Malolos

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD

HANGO SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS NA GINANAP SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIAN (ANNEX), IKA-LIMANG PALAPAG NG BAGONG GUSALI NG PAMAHALAANG LUNGSOD NG MALOLOS NOONG IKA-17 NG MAYO, 2021.

MGA DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. NOEL G. PINEDA | Pang. Punong Lungsod<br>Tagapangulo |
| KGG. FRANCISCO J. CASTRO | Kasangguni |
| KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA | " |
| KGG. KIRK LOUIS NICOLAS | " |
| KGG. MICHAEL M. AQUINO | " |
| KGG. ENRICO C. CAPULE | " |
| KGG. DENNIS D. SAN DIEGO | " |
| KGG. EMMANUEL R. SACAY | " |
| KGG. EDGARDO F. DOMINGO | " |
| KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA | " |
| KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO | " |
| KGG. DIONISIO C. MENDOZA | ABC President |
| KGG. PATRICK S. DELA CRUZ | SK President |

ANG LAHAT AY NAKADALO:

---

**KAPASYAHANG PANLUNGSOD BLG. 104-2021**

**ISANG KAPASYAHANG PANLUNGSOD NA NAGBIBIGAY KAPANGYARIHAN SA PUNONG LUNGSOD - INH. GILBERT T. GATCHALIAN, NA PUMASOK AT LUMAGDA SA KASUNDUAN, NA KATAWANIN ANG PAMAHALAANG PANLUNGSOD NG MALOLOS, SA PAGITAN NG IBA'T IBANG LOKAL NA PAMAHALAAN NA BUMUBUO SA ALYANSA NG MGA BAYBAYING BAYAN SA BULACAN AT PAMPANGA (ABB-BP).**

**ITINAGUYOD NI: KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA,**
**AKDA NINA: KGG. NOEL G. PINEDA, KGG. FRANCISCO J. CASTRO, KGG. KIRK LOUIS NICOLAS, KGG. MICHAEL M. AQUINO, KGG. ENRICO C. CAPULE, KGG. DENNIS D. SAN DIEGO, KGG. EMMANUEL R. SACAY, KGG. EDGARDO F. DOMINGO, KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA, KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO, KGG. DIONISIO C. MENDOZA AT KGG. PATRICK S. DELA CRUZ**

**SAPAGKAT,** isinusulong ng Section 13, Article X ng Saligang Batas ang kooperasyon ng mga Pamahalaang Lokal;

**SAPAGKAT,** ang nasabing adbokasiya ay itinatadhana rin ng Section 33 ng R.A. 7160 kilala sa taguring Local Government Code of 1991;

**SAPAGKAT,** nagkasundo ang Pamahalaang Lungsod ng Malolos at ang iba't ibang lokal na pamahalaan sa Lalawigan ng Bulacan at Pampanga na magkaroon ng kooperasyon upang maitaguyod ang mga pamamaraang angkop sa mga sari-saring hamon na nagbabagong klima at panahon;

**SAPAGKAT,** nakalaan at nakahanda ang De La Salle University Institute of Governance na magsagawa at umalalay sa pagbibigay ng teknikal na kaalaman para sa ikatatagumpay ng nasabing gawain;

**SAPAGKAT,** ang nasabing gampanin ay magsusulong ng kagalingang panlahat sangayon sa itinatadhana ng R.A. 7160 o' mas kilala sa taguring Local Government Code of 1991;

**SAPAGKAT,** ang nasabing gampanin ay nagsusulong at nagtataguyod ng interes ng mamamayan, partikular sa pagkakaroon ng mga angkop na batas pangkalikasan lalo na sa katubigan, sama-samang pangangalaga sa mga likas na yaman ng mga baybayin (Integrated Coastal Resource Management) at kahandaan sa pagtugon sa mga kalamidad lalo sa mga pagbaha (Calamity Preparedness);

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ
KASANGGUNI

KGG. DIONISIO C. MENDOZA
KASANGGUNI

KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO
KASANGGUNI

KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA
KASANGGUNI

KGG. EDGARDO F. DOMINGO
KASANGGUNI

KGG. EMMANUEL R. SACAY
KASANGGUNI

KGG. DENNIS D. SAN DIEGO
KASANGGUNI

KGG. NOEL G. PINEDA
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

KGG. FRANCISCO J. CASTRO
KASANGGUNI

KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA
KASANGGUNI

KGG. KIRK LOUIS NICOLAS
KASANGGUNI

KGG. MICHAEL M. AQUINO
KASANGGUNI

KGG. ENRICO C. CAPULE
KASANGGUNI

**SAPAGKAT,** nasabing gampanin ay nangangailangan din ng pagpasok sa isang kasunduan para matiyak ang kaukulang realisasyong ito;

**SAPAGKAT,** batay sa Seksyon 22(c) ng nasabing batas, na maaaring pumasok sa isang kasunduan ang pamahalaang lokal sa pamamagitan ng pagbibigay kapangyarihan sa Punong Ehekutibo nito, na nagmumula sa kinauukulang Sanggunian;

Sa kahilingan ni **Kgg. Nino Carlo C. Bautista** na sinang-ayunan ng lahat, ay

**IPINASIYA,** gaya ng dito ay ginagawang pagpapasiya na binibigyang kapangyarihan ang Punong Lungsod - Inh. Gilbert T. Gatchalian, na pumasok at lumagda sa isang kasunduan, na katawanin ang Pamahalaang Lungsod, sa pagitan ng iba't ibang lokal na pamahalaan na bumubuo sa Alyansa ng mga Baybaying Bayan sa Bulacan at Pampanga (ABB-BP).

**PINAGTIBAY.**

**KGG. FRANCISCO J. CASTRO**
KASANGGUNI

**KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA**
KASANGGUNI

**KGG. KIRK LOUIS NICOLAS**
KASANGGUNI

**KGG. MICHAEL M. AQUINO**
KASANGGUNI

**KGG. ENRICO C. CAPULE**
KASANGGUNI

**KGG. DENNIS D. SAN DIEGO**
KASANGGUNI

**KGG. EMMANUEL R. SACAY**
KASANGGUNI

**KGG. EDGARDO F. DOMINGO**
KASANGGUNI

**KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA**
KASANGGUNI

**KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO**
KASANGGUNI

**KGG. DIONISIO C. MENDOZA**
KASANGGUNI - ABC President

**KGG. PATRICK S. DELA CRUZ**
KASANGGUNI - SK President

PINATUTUNAYAN ko, na ang nasabing Kapasiyahang Panlungsod ay pinagtibay ng Sanggunian.

**CRISTINA R. GUTIERREZ, EnP**
Kalihim ng Sangguniang Panlungsod

**PINATUTUNAYAN:**

**KGG. NOEL G. PINEDA**
PANG. PUNONG LUNGSOD -Tagapangulo

*hindi nakadalo

DhorieTrogo(SDC2)*05172021